

PART 1

ASC x BA
September 1, 2025
Part 1 - Revised (Comms)

Teaser Trailer

(0:00) **BA:** Are we really this corrupt? Likas ba talaga tayong corrupt?

(0:04) **ASC:** Grabe ang corruption sa atin. And I guess, Kuya Boy, nakakalungkot, eto na naman tayo!

Body

(0:17) **BA:** Madalas pinag-uusapan ng mga survey at naalala ko pa si former Senator Miriam Defensor Santiago ..was that the Chief Justice Corona trial when she said, Amnesty International Perception Index always says that we're one of the most corrupt. Sinilip ko ito a couple of days ago. Ang ranking ng Pilipinas ngayon ay nasa 114 among the most corrupt, among 180 countries. So pag-usapan natin, Alan, ang corruption.

(0:49) **ASC:** Sundan ko yan. May sinabi si Senator Miriam kasi madalas ko siyang lapitan noong panahon na iyon. Ang sabi niya, ang Pilipinas ay number one sa ganito, number one sa ganito, number one sa ganito. Sa corruption, we're number two or number three. Tapos sabi niya,

(1:03) **BA:** I protest.

(1:04) **ASC:** We should be number one. Kasi in her usual elegant and in a way yung satire, she wanted to make a point na grabe ang corruption sa atin. And I guess, Kuya Boy, nakakalungkot, ito na naman tayo.

(1:19) **BA:** Meron pa rin din siya, para matapos natin si former Senator Miriam Defensor Santiago, nung kanyang sinabing, this is a paraphrase, na para bagang – tamaan sana tayo lahat ng kidlat para mawala tayo lahat dito sa mundo at paimbistigahan natin ang lahat including me.

(1:35) **BA:** Which I think was telling us a lot about corruption and how she viewed corruption. But having said that, yes we are in the perception index of the Amnesty International organization saying that we're indeed one of the most corrupt countries in the world. Okay, ito na naman, pinag-uusapan yung flood control, pinag-uusapan ni Mayor Magalong ang korupsiyon, ang mga nangyayari dito sa ating bayan.

(2:01) **BA:** So ang unang katanungan, are we really this corrupt? Likas ba talaga tayong corrupt? Ano ba ang nangyari sa atin? From your perspective, mula't mula ba talaga, ay corrupt

na ba talaga ang Pilipino? Lalo na ang mga politiko? Dahil madalas natin marinig ang, pabiro man, pero pag gusto mo yung yumaman, pumasok ka sa politika.

(2:24) **ASC:** Sagutin natin yan sa dulo ng kwentuhan natin Kuya Boy. Now with the permission ng ating mga kababayan, let me start by saying, likha tayong tolerant. Tanggap lang ng tanggap ang Pilipino. Madali tayong magpatawad. Kung kaya natin tiisin, tinitiiis natin. And then pag sobra na, doon tayo kumikilos. So sagutin natin sa dulo kung may likas na DNA na corruption. Di lang sa Pilipino but sa humans—all people around the world. Kuya Boy, tatlo kasi yung pinagmumulan ng corruption perception surveys. Ano tingin ng mga sinasurvey-an mo?

(3:07) **ASC:** So one is business. So all around the world, tinatanong ang business. Kamusta, doing business? May corruption ba yan? Yung permits, pagre-renew mo, pag magtatayo ka ng building, hinihingan ka ba? Pag malaki kita ng business mo, hinihingan ka ba? Number two is yung pagpasok ng tax at paggastos ng tax, kinukurakot ba yan? Yun yung corruption. And third yung basic na stealing, cheating, lying. For example, pag nandaya ba sa university or plagiarism, yan ba ay in-expel? O okay lang naman dahil konting daya lang yan eh.

(3:44) **ASC:** Pag walang nakatingin, pwede ka bang mag-jaywalking? Pag walang stoplight, walang pulis, okay lang ba kahit pula yung light? So all of these are forms of corruption that affect the values. So baliktarin natin kuya Boy. Pag sinasabi mo yung least corrupt countries, actually pag sinabing least corrupt, part lang yung gobyerno eh.

(4:09) **ASC:** Yung kultura. So for example, two of the least corrupt at least na parati natin nababanggit, Japan and Singapore. So like sa Singapore, everything you do. Whether sa law office, sa permits, pagbili ng kotse, stock market, import, export. Pati paglalakad mo sa kalye, alam mo ba sa Singapore kuya Boy, yung custodial investigation, ibig sabihin pag hinuli ka ng pulis, bawal na may abogado. Sa maraming western countries, sa US, sa Pilipinas, you cannot deny a person under arrest to consult his lawyer.

(4:47) **ASC:** Sa Singapore, bawal na may abogado. Ganong kalaki ang tiwala nila sa pulis. Pumapasok ang abogado pag kinasuhan ka na ng pulis. Sa Japan naman kuya Boy, alam naman natin. Taxi driver, may sukli kang a few yens, isosoli sa'yo. Naiwan mo pitaka mo sa rampa, papunta sa train or sa taxi, hanapin mo, makukuha mo. So it's not only government doing business, yung pera ng gobyerno. It's not saying that they're perfect, but it's the whole culture. So to answer your question kuya Boy, we have to look into leadership.

(5:28) **ASC:** Kasi once upon a time, second to Japan tayo. Nilampasan natin lahat ng Asian countries at sasabihin nila, "Hindi! Yung iba devastated by war." Hindi ba binomba din ang Maynila? Hindi ba ilan taon din sa atin ang Japanese occupation? Leadership, you also have to look at the culture.

(5:48) **ASC:** Ano ba yung kultura? Ano ba yung role ng integrity, honesty sa culture, economic, political, socio-economic? Yung everyday nating life, 'di ba. Pangatlo, siguro yung justice system din. Sa bansa na yan – Lahat ba ng corrupt nakukulong? Or dyan ba nakukulong pag

mahirap pero mayaman? So I think you have to look into those factors. Ang lamang lang natin kuya Boy, medyo active na tayo or mulat or nakita natin from patapos yung martial law until the present. If you've been here long enough, makikita mo yung cycles of corruption and tolerance and at play yung leadership, yung culture, at tsaka yung "nahuhuli ba yan, nakukulong ba yan o hindi." Pero kung ngayon lang, let's say if you're 18 now or 21, at, hindi ko minimenos kuya Boy, shocking etong mga ghost projects, nakakainis talaga.

(6:54) **ASC:** Yung iba sinasabi "kaya nga kami nag-abroad. Kaya kami umalis parang wala kayong pag-asa doon." So let me say na one, may pag-asa. And number two, many countries went through this cycle before they stopped it. Many people don't know kuya Boy. Muntik nang bumagsak ang stock market at yung buong gobyerno ng Singapore once upon a time bago sila nag-shift at naitama nila.

(7:21) **ASC:** Many people forget that once upon a time bago sila nag-shift at naitama nila. Many people forget that once upon a time, Korea. Kinukulong nila mga presidente nila kasi nga may cyclical, even Indonesia. Mamaya na natin sagutin kuya Boy kung likhang may corrupt 'di ba ang ating political culture.

(7:39) **ASC:** But I'd like to begin by saying there's so many factors here. But one factor na nakikita ko, ang Pinoy napaka-tolerant, napaka-patient. So kahit na nandyan nakita na niya, pag hindi talagang sobrang sobra o apektado na lahat, hindi pa talaga lalaban eh.

(7:56) **BA:** Or may papel ba dito ang kasaysayan? May papel ba dito yung pagiging colony natin ng iba't ibang bayan? May papel ba dito ang kaugalian na ating nakita doon sa mga colonial masters natin? Pero sabi nga ni Carlos kanina nung tayo nag-uusap, hindi rin natin dapat kalimutan na yung rebuilding of many Asian countries lalo na, ang Pilipino ay physical na pumunta sa iba't ibang bansa para to play the role of rebuilding these countries. But that's going ahead of the story. Babalikan ko lamang yung tatlong elemento na sinabi mo tungkol sa korapsyon.

(8:36) **BA:** Business halimbawa, kasi perception index ito. Kumusta? How is it to do business in the Philippines for example? Sa derechang tanong, how do you characterize, I mean as opposed to other countries, how is doing business in this country today, Alan?

(8:53) **ASC:** Well siguro may konti akong experience because of the Department of Foreign Affairs being the secretary kasi before that, yung pag sinabi mo most corrupt, one of most corrupt, paano mo maiku-compare? Unless nga nakita mo yung history ng China, nakita mo yung history ng Japan, nakita mo yung history.

(9:14) **ASC:** Kasi like katulad sa Japan, in olden days may pinatawag na zaibatsu kung saan ilan kumpanya yun na tumutulong sa bansa at sa emperor. In a sense, almost wala or minimize yung corruption pero maraming hindi nakakaalam. Yung inutang natin sa Japan, doon bini-bid sa bansa nila yun. Tapos ilan kumpanya lang at umiikot sa kanila yun. Pero inaayos yung presyo para hindi sasabihin na dinaya, etc.

(9:46) **ASC:** So may mga sistema sila or like China. China 20 years ago, halimbawa tren. May tren na worth P10 million pero ibibigay sayo P1 million. May tren na worth P100 million, ibibigay sa iyo. Ang laki na rin ang pinagbago ng anti-corruption in China over the last 20 years.

(10:11) **BA:** At meron din mga bayan, isang bayan halimbawa sa Asia na napaka-corrupt pero hindi nilalabas ang pera. Meron din quality na ganoon.

(10:20) **ASC:** O kaya may sector lang or may area na, how do you put it, may racket yung ibang leaders, etc.

(10:29) **BA:** Pero generally speaking, ang pagnenegosyo dito sa Pilipinas, you would put it where?

(10:38) **ASC:** Generally speaking, many of those corrupt in the Philippines can still get away with it.

(10:45) **BA:** Okay.

(10:45) **ASC:** So ang nakikita kong main difference, whether you're talking about Russia, Vietnam, China, na medyo iba sistema, ano eh, brutal pagka nahuli. Pero ganoon din, let's say sa US, dahil alam nila pag-charged ka, malamang ma-convict ka. Ang kaibahan lang sa US, minsan walang kulong. Minsan may bargain tayo, eto bayaran mo.

O kaya kung may kulong ka or resign ka agad, kulong ka one year lang. But sa atin nga, cyclical. And then pag lumamig issue, baka meron mga mas mababang kulong and then nawawala no.

(11:24) **ASC:** So sa atin, you either please the media and then pagka wala na sa media, lumamig na, okay na. Or you pleased the people dahil galit na galit ang tao. So pag nag-countdown na, iba na, wala ng corruption dun sa department, lumipat naman sa iba.

(11:45) **BA:** Kasi dito natin maunawaan. I want to go into the point of why we are tolerant.

(11:51) **ASC:** Siguro one point lang about that kuya Boy. When I was a young congressman, I really believed that it was just the politicians that were corrupt. That if you have non-corrupt politicians, mababago natin ang Pilipinas. As I grew, I think not only in age but hopefully konting knowledge, nakita ko.

(12:19) **ASC:** Kasi ang tinatanong ko dati nga is ano ba ang Pilipinas? Malinis yung tubig pero madumi yung isda? Or madumi ba yung tubig at malinis yung isda? Meaning, is it just the environment that is dirty but the players are okay kaya nakahahawa? Or the environment is good, kaya lang marami talagang, o yung sinabi mo, likhang corrupt? Kasi why do I say it that way?

(12:43) **ASC:** One, marami din negosyante na gusto mag-cut corners, sila nangungurap sa politiko. Kasi ang tingin natin parati, ang politiko lang, may kailang humingi. Hindi. So for example, kung smuggler yan or nasa illegal yan, illegal drugs. O kaya halimbawa, nung yung e-sabong lumaki, daming pera na umaagos dyan. But during that time, legal yung e-sabong. But they were being threatened na tatanggalin. So hindi totoo na ang corrupt lang ay yung politiko.

(13:18) **BA:** Politiko. Nag-initiate ng corruption ay negosyo.

(13:20) **ASC:** I remember when we were going against PAGCOR with Senator Joel Villanueva, congressman pa kami, yung isa namin pastor sabi, Alan ingat ka kasi maraming religious group ang sumusuporta. So tinanong ko, pastor are you saying that may corruption? He said, no. I'm saying they support many of the charities that are supporting this. So may simpatya. So this isn't even corruption. This is soft power kuya Boy na may konting kiling doon. And that happened when we investigated. I think that was the Tubol. Dinala kami ni dating congressman Del Mar sa Cebu, investigated.

(13:58) **ASC:** Daming religious group kasi orphanages got money from that. Some charities got money from that. So they weren't defending per se gaming but they were saying, testifying that PCSO money also does some good 'di ba. Ganon din po na in general, media or the fifth estate, the fourth branch of government, walang demokrasya kung walang media. Pero hipokrito lang magsasabing wala rin PR money or wala rin corruption dyan.

(14:34) **ASC:** For example, business po. Yes, they might not be corrupt. Some of the leaders in the sense na hindi mo sila pwedeng bigyan. O, eto party niyo, tahimik lang kayo. But they will fight for their interest eh. So naalala ko yung sinabi, nagkukwentuhan kami ni Senator Joel Villanueva at saka ni SP Chiz during the campaign na parang ang daming businessmen na sinabing, sana hindi manalo 'to, sana hindi manalo yon.

(15:01) **ASC:** Sana hindi manalo yon. And then malalaman namin, nag-donate. Sabi ko, sana nga hindi manalo, sincere yon. Pero ang problema kung mataas sa survey, takot sila na wala silang access doon. So nagbibigay din. Because it's in their interest to give. So we have a messy democracy. Ba't bata rin pa yung democracy natin. If you talk about UK, for example, ilan-hundred years yon. If you talk about US, 1789 yon. Tayo we're only over 100 years old. But of course, we expect more from ourselves. And we should.

(15:40) **BA:** Nandoon na tayo sa discussion na ito. Off-tangent lang ito ng konti. Pero taking from, building on your discussion, halimbawa yung involvement ni SP Chiz ngayon, sabi nga niya bakit ako pinagtutunan nyo ng pansin? 1% lang naman yung nakuha ng aking donor. And I think he personally admitted that he received donation from a contractor. How do we view that? Tulungan mo kami maintindihan yung kwentong yan.

(16:12) **ASC:** Well, I don't know the details. But he did tell me, they did the research, of course, even before. And it's a legal donation. But let me put it another way. I remember when tinawagan ako ni Karen Davila sa programa nila ni Vic Lima, 2007. Sabi nya, Congressman

Cayetano, humihingi ka daw ng pera at meron daw bank account na dyan daw magde-deposit. Deny it if it's not true. I remember nun, ang kalaban ko nun, the first gentleman. So sabi ko, unang-una I want you to know it's not true. At ingat kayo sa binigay na bank account. Baka magbigay ko yung pera nun at nagbiro ako. Baka galing kay FGN, baka dun pa mapunta.

(16:59) **ASC:** Sabi ko, having said that, Mr. Vic Lima and Ms. Karen Davila, I would rather have thousands of donors giving me P1,000. Let's say 10,000 donors giving me P1,000, that's P10 million. Than one donor giving me P10 million. Kasi pag binigay ka ng P10 million, malamang lamang nun may kailangan sa'yo yun or maniningil yun. Pero kapag ka 10,000 tao na tig- 1,000 ang nagbigay sa'yo, malamang lamang yun naniniwala lang sa'yo. Of course, iba yung pera nun at the time.

(17:39) **ASC:** Hindi pinag-uusapan na pag tumakbo kang senador, P300 million, P400 million, P500 million. But the context lang naman, Kuya Boy, is that there will always be money involved in politics. There will always be money involved in religion. There will always be money involved in media. There will always be money involved in business.

(18:01) **BA:** But there is a but.

(18:03) **ASC:** But ang question is integrity. Ang question is yung justice system mo. Ang question dun yung culture.

(18:12) **BA:** But it is possible to have justice within this.

(18:17) **ASC:** There's no perfect system in the world. But there are examples like Singapore and Japan that works. So the reason I answer that in context of Senator Chiz. Tignan mo, Kuya Boy. May senador na nangako nung tumatakbo na mag one tablet, hindi iPad but yung one electronic tablet per student. (18:40) Meron na ano na dapat kumpleto yung computer sa school. Maraming pangako.

(18:47) **ASC:** Ako, Kuya Boy, menention mo to sa akin, nireview mo lahat ng commercials ko, na ang aking sinabi dapat maulit yung P10,000 per family which ginawa natin sa Bayanihan One. I did not promise people P10,000. I promised them I will fight for a program because I believe government can give them. Pero mga one month yun na hatchet job, demolition job, pinalabas na ...

(19:14) **BA:** ... personal kang nangako.

(19:16) **ASC:** So for me, it's very clear. Yes, SP Chiz has to answer that. But very clear sa akin may ongoing demolition job because they don't agree with him with three things. Meron mga gustong maging SP so they're taking advantage na gina-jab-jab. Talagang hindi agree sa ginawa niya sa impeachment.

(19:35) **ASC:** Number three, although he's not a candidate, palapit na sa 2028 eh. So ang tawag ko sa nangyayari ngayon, Royal Rumble. Everyone's hitting the other, sikuhan nang sikuhan. Then 2028 is coming. So everyone's defending na huwag nyo naman lahatin, etc. At may mga nagt-take advantage din. May mga parang lahat ng flood control, corrupt. Hindi naman totoo din naman yun.

(20:11) **ASC:** Hindi naman yung buong P350 billion ay corrupt yung project. O yung sabihin lahat ng contractors ay corrupt. Lahat ng contractors kumikita. At baka pwede mo sabihin lahat yan kahit papano may sistema dyan. Pero iba yung gumagawa ng ghost. Iba yung sinabi ni Sen. Ping na may project na ginawa pa. Iba yung nililiitan yung project at iba yung sumasali lang sa DPWH at maganda naman yung...

(20:33) **BA:** Pero ang daming versions, Alan. Kasi nung sinabi ng Presidente, P500 plus billion. 10% of the budget, P100 plus billion, ay napunta lamang sa 15 contractors. And then we heard the discourse of Sen. Ping plus lahat ng naririnig natin sa iba't ibang, on the ground ito, ay mayaman yan kasi contractor yan, kapitbahay ko yan ang daming auto niyan. So, itong perception plus itong mga revelasyon including the SONA of the President, confirmed na napaka-messy yan din ako.

(21:13) **ASC:** Kuya Boy, 2022 pa lang. Tignan nyo yung budget hearing ng Senate. Sinabi ko na yun. First time na P1 trillion halos yung budget. Pero nagtataka ako, lumaki ang budget pero one-third ng budget sa maintenance. Hindi pa nga natin tinitingnan yun eh. Doon pa lang tayo sa flood control. Another almost one-third is sa flood control. Dati kasi, 60, 70, 80% is sa new projects. Then a few percentage is on the maintenance tapos may flood control or si Secretary [inaudible] nagsabi sa akin ito. Sabi niya sa akin nung congressman pa ako, young congressman Alan, when we were in engineering school, I couldn't forget that. Sabi niya, they taught us three things drainage, drainage, drainage. Kaya lahat ng kalye nung 50, 60, 70s, kaliwa't kanan may drainage. Ngayon, para mas mahaba yung kalye, isang side lang.

(22:10) **ASC:** And then may gumagawa din ng kalye, walang drainage. And then yung ibang ilog, tinabunan or subdivision na ngayon or whatever. And then yung mga dapat hindi kuhanan ng puno, kinunan. So, nagkagulo na ngayon. But the point I want to make, Kuya Boy, is that tama na magalit tayo. Pero we're in a cycle halimbawa, galit tayo kay Napoles. May picture ka lang nakasamang kay Napoles, guilty ka ne. Galit tayo sa fertilizer scam.

(22:41) **ASC:** Buong Pilipinas, lahat ng supplier ng fertilizer, masama. So, huwag na tayong bumili ng fertilizer. Sino naapektuhan? Unang-una naapektuhan sa fertilizer scam, magsasaka. Nung sinabing bawal na yung fertilizer, ang naapektuhan, magsasaka pa rin. So, for example, dun sa 15 top, iniisa-isa pa namin. But magalit tayo, imbestigan natin.

(23:05) **ASC:** Pero tandaan natin, innocent until proven guilty. So, for example, Kuya Boy, there is a possibility you got a lot of projects, why? Magagalit ang iba pag sinabi ko ito, but this is the truth. Pwedeng kasing lumaki ka ng gusto at magaling kang gumawa. I'm not saying that's what

happened here. There are some cases na ang daming na projects all over na medyo imposible—mukhang pinahiram yung lisensya.

(23:30) **ASC:** So, totoo din. Ang point ko lang, Kuya Boy, pagka may usok na, hindi tayo naniniwalang may apoy eh. Pag may konting apoy na, ay hindi naman kakalat yan. Pag malaki na apoy, lahat na may kasalanan. Yun ang problema natin sa Pilipinas. And then, may tinatawag tayong case closed, Kuya Boy.

(23:51) **ASC:** So, natapos itong fertilizer scam, case closed. So, natapos itong scam sa DOH, case closed. Itong Pharmally, case closed. Pero hindi case solved. Sa ibang bansa, pag case closed, ibig sabihin na solved—na lamang kung sino may kasalanan, napakulong, nakasuhan, o patay na yan kaya hindi mo na makasuhan, sibil na lang para dumating pera. Tayo, pagkano na, asarado na yan.

(24:17) **BA:** Can that be changed?

(24:18) **ASC:** We should change that.

(24:20) **BA:** How?

(24:20) **ASC:** So, like alam halimbawa dati, Kuya Boy. Nasabi din ito ng Pangulong Marcos. Sabi niya, wala na bang investigative journalism yan? Dati, hindi ka tatantanan ng media hanggang may sagot na maganda. O hanggang na-solve yun. Nakita natin yan sa pork barrel scams 'di ba. Isang buwan, front page ng Inquirer. Lahat ng radio, lahat ng TV. Hindi tinigilan. Bawat lead nandoon. Pero ngayon, nakita nyo yung tulay na bumaksak.

(24:53) **ASC:** Ininvestigahan ko po yun. Halos dalawa, tatlo lang kami senador. Parang si Joel Villanueva lang kasama kong nag-attend. Once nag-attend, then of course si Bong Revilla. Pero wala masyadong attention. Tapos nung sinabi ko, sandali lang. Bumaksak na yung tulay. Dinagdagan nyo ng pera yung mali. Kumita pa yung may mali. Wala pa rin na sususpende. O so lahat ng sinasabi sa hearing ngayon, hindi lang nasabi ko doon sa hearing ngayon. Balik mo another 10 years.

(25:24) **ASC:** Maraming senador na wala na sa Senado. Sinabi yan 10 years ago. Kasama na si Senator Miriam. So may mga bad habits tayo at kultura na hindi nagbabago. Kaya may mga taong nagsasabing walang mangyayari dyan, 'di ba? But when the media bites and doesn't let it go, may nangyayari. When the President says, no, no, hindi ko to-tantanan. I remember when I was in the DFA, sabi ko sa ibang foreigner, tinatanong ako. Sabi niya, Alan, "how are you sure if something will get done in the Philippines?" Sabi ko, tatlo lang.

(25:57) **ASC:** One, gusto ng Presidente and he'll fight for it. So example, RH. Reproductive Health. Ayaw ng Catholic Church, ayaw nung marami. Pero hindi tinantanan ni President Aquino, pero napasa. Two, hindi tinantanan ng media. Example, pork barrel. Twice na sinabi yan ng Supreme Court na legal.

(26:21) **ASC:** Tapos nangyari ito, hindi tinantanan ng media, nagbago. Pati Supreme Court, pati mga politiko, maraming politiko, lumaban na doon. Number three, what we call acts of God. If you remember, nireject na ng bases nung Senado noong time ni President Cory, even Butch Aquino, kapatid na ni President Aquino, was against that. Pero hindi umalis sa mga kano, there were different ways of staying in Clark and Subic.

(26:49) **ASC:** Nung pumutok ang pinutubo, act of God. Alis yung mga Amerikano. So, ang problema kuya Boy, hindi sustainable na magbabago lang ang Pilipinas pag yung tatlo, 'di ba. Kasi the President can put his attention in what? Three, four, five things. He runs the government.

(27:07) **BA:** Okay.

(27:07) **ASC:** Pero hindi mo pwedeng mag-estate sa'yo ng itong sampu humanda kayo. So, whether rice smuggling yan, presyo ng bigas, infrastructure or ano. Paano-ano yan eh. Ganun din sa media kuya Boy. May media ka, may social media ka. Iba-iba nababasa mo. Minsan lang yan yung katulad ngayon na lahat nasa flooding yan. At natapos pa impeachment.

(27:34) **ASC:** Kung kasabay pa impeachment ngayon, baka hati pa yung news na yan. And then yung acts of God, dumadating na lang yan. Hindi mo naman ma-pre-predict yan.

UP NEXT

I'm sure tatapusin ng Presidente. Unang-unang may three years pa siya, di ba? But ang problema, yung mga corrupt, lilipat lang yan. Whether sa agriculture, whether sa health, whether sa BIR, whether sa customs.

PART 2

ASC x BA
September 11, 2025
Part 2 - Revised (Comms)

Teaser Trailer

(0:00) **ASC:** Ang problema, yung mga corrupt, lilipat lang yan. Whether sa agriculture, whether sa health, whether sa BIR, whether sa customs

Body

(0:16) **BA:** Kung pag-uusapan natin ngayon ang korupsiyon, in the context of the three points, sabi mo, hindi naman pwedeng mangyari ito, na ito lang, the president, media, acts of God. Ano pang kailangan?

(0:27) **ASC:** Pag kailangan ng sistema, where good is rewarded and bad is punished.

(0:32) **BA:** Okay, let's go to the president. Kasi ang presidente ngayon, nakikita ang effort ng sambayanan, yung kanyang sumbong sa Pangulo. Okay, nariyan. So, it looks like the president is determined to address... SONA, I think that was one of the best parts of SONA. He went into specifics.

(0:56) **BA:** Very few SONAs by different presidents have gone into that direction. Labing lima, 100 plus billion ang napunta sa kanila. Dapat tingnan natin ito. So, kung minention yan ng presidente dapat, ay inaasahan namin ng bayan na, Mr. President, huwag mo tantanan yan, huwag mo bitawan yan. Hanggat hindi nalalaman ng taong bayan kung bakit. Kung bakit labing limang yan.

(1:21) **BA:** Magandang paliwanag na ang iba 60 plus ang mga proyekto, baka magaling o baka malakas.) Dalawa lang ang kalalabasan yan. But what we know is it shouldn't stop. Number two, ang media lang, katulad ng pork barrel noon, ang Inquirer, talagang unrelenting yan. Ang problema lang ngayon is napakalawak na, no? May new media ka, may traditional media ka.

(1:44) **ASC:** But everyone's on the flood control.

(1:46) **BA:** Everyone is on the flood control.

(1:47) **ASC:** Hindi na mangyari yan.

(1:48) **BA:** Oo, but mas malleable. Mas malleable lang ngayon. Hindi katulad noon, the focus halimbawa ng Inquirer, Philippine star, at sabihin na natin, bulletin at the major dailies during that time. Ngayon, ang problema is mauumay ka eh.

(2:03) **BA:** Kasi sobrang dami, no? Sobrang dami. So, at walang kumukumpas. Kumukumpas, meaning hindi kumpas na masama. Kumpas na, ito ang direksyon. It can easily be infiltrated. In other words, it can be infiltrated. But having said that, pupunta ko doon sa pangatlo na Acts of God. Magdadasal na lang tayong lahat. And of course, maybe, active citizenry. Pero, naniniwala ako doon sa una...

(2:27) **ASC:** Dito may pagka-Act of God. Kasi kung titingnan mo yung rainfall, at titignan mo yung ibang bansa, grabe din ang baha. Kaya lang, sa ibang bansa, let's say sa Hong Kong, walang nagsasabing dinaya ang flood control kasi bantay nila lahat. Sa atin, it's partly because of massive urbanization. Partly because we built on where we're not supposed to build.

(2:48) **ASC:** Partly sobra yung rainfall. Pero, malaki din yung part ng dinaya yung mga ano. So, may part of Act of God din to. Na yung sobrang ulan, (2:58) pampagising na rin sa atin.

(2:59) **BA:** Kasi ang inaasahan natin, sana, mayroong kumbaga sa kwento, may the end ito. Hindi lang, I love the point about not just being case closed, but case solved.

(3:10) **ASC:** And it has to be comprehensive, Kuya Boy. Kasi, I'm sure tatapusin ng presidente to. Unang-una, may three years pa siya. Tapos, sinimulan niya na eh. So, tingin ko, itutuloy niya yan. One way or the other.

(3:21) **BA:** And I think the conversation should continue.

(3:23) **ASC:** But ang problema, yung mga corrupt, lilipat lang yan. Whether sa agriculture, whether sa health, whether sa BIR, whether sa customs.

(3:31) **BA:** Because the system allows it?

(3:34) **ASC:** Kasi wala tayong sistema talaga na may integrity na pag ikaw gumawa ng mali, 'di ba, paparusahan ka. Di ba? So, here, very, very few eh.

(3:47) **BA:** At markado ka.

(3:47) **ASC:** Markado ka.

(3:48) **BA:** Na hindi ka pwede lumipat. Dito ko sa flood control, eh, okay. Natatapos ang imbestigasyon. Pero pwede ka pumasok dito sa rice.

(3:58) **ASC:** I forgot to said it recently na ang Pinoy, pag nabaitan, yun ang tinitignan. So, kahit sabihin mo, ang bait-bait niyan, hindi corrupt yan. Hindi mabait eh. Kasi namimigay, etc. 'di ba?

(4:10) **BA:** That's tolerance.

(4:12) **ASC:** Tolerance.

(4:12) **BA:** Oo, di ba?

(4:13) **ASC:** Or, yung emotion din. Kasi our strength, Kuya Boy, as a people, we're emotional eh. That's why we're so hospitable, we're so loving.

(4:22) **BA:** That's a weakness and a strength at the same time.

(4:23) **ASC:** It's a weakness because we're so forgiving. So, napansin ko sa DFA yun bakit ang Korea, maganda relationship sa Japan. Ang China, medyo gano'n. Pero both the museums and the politics in Korea and China changes when you talk about comfort women and the atrocities of Japan sa bansa. Tayo lang ang bansa na niyakap na talaga as brothers and sisters sa Japan. Which is good because they're helping us left and right.

(4:53) **ASC:** Di ba? But, some are saying, ang problema sa short memory na yan, ganyan din ginagawa nyo sa mga may mali sa gobyerno. So, whether yan ay kumpanya, let's not talk about politicians, let's talk about scammers. Walang tigil ang scam sa Pilipinas. Paulit-ulit yan. Di ba? Or, E-sabong. We already saw the evils of e-sabong. We saw the evils of POGO. Nilipat lang natin ngayon dito sa online gaming. So, we're so forgiving and tolerant and we keep saying na parang, baka this time around it will work.

(5:31) **ASC:** Kasi nga, halimbawa in love, Kuya Boy, marami kasing love is better the second, third time around. Maraming forgiving. But that's a different factor. When you have love a second time around, you correct your mistakes. That's why your relationship works. Di ba? Pero, kung na-addict ang tao sa E-sabong at may masasamang nangyari, what do you think, whether scatter yan or online whatever, why do you think it will work this time? Kung yung corruption sa agriculture mali, why do you think pag-corruption sa DPWH, okay lang yan?

(6:08) **BA:** May elemento din kasi ng religion. And I apologize to say this kasi tinuturo ang tayo kind of virtue talaga ang pagpapatawad. Meron kang short memory at saka you give people another chance. 'di ba? But bringing back the discussion to corruption, paulit-ulit lang, yung sinasabi nga nating cycle, hindi talaga siya natatapos.

(6:29) **ASC:** And every administration have their share of scandals. Even the good administrations.

(6:31) **BA:** Yes, lahat. Hindi tayo pwede maglinis-linis.

(6:35) **ASC:** Even the good administrations.

(6:36) **BA:** Pero, having said that Alan, having discussed itong cycle nga ng mga pangungurakot, na alam naman nating lahat. We don't even have to have a book on how corruption is done in this country. From the smallest kind of corruption to the biggest kinds of corruption. Saan, sa iyong pananaw, saan dapat umpisahan?

(6:56) **ASC:** I'll take a page out of the book of three books. One, the Bible. Number two, yung libro ni Lee Kuan Yew na "from third world to first." And third, yung sinasabi mo parati na kay Nelson Mandela. Okay. First, sa Bible. Very clear sa Bible. It's not enough to do good. You have to punish the evil.

(7:20) **ASC:** Pag walang punishment ng evil, or if people doing good and doing evil, pareho lang yan. Diba? One day, good and evil are just equal or parallel. So, light and darkness are different things.

(7:35) **BA:** There should be punishment.

(7:35) **ASC:** There should be punishment.

(7:36) **BA:** Hinto tayo doon. Pupuntahan ko lang. Kasi dito sa ating bayan, ang dami ng nakulong ha, palagay mo ba itong mga nakita ng sambayanan, nagmarka yan, natakot ba ang mga tao na magiging ganito ako?

(7:48) **ASC:** Ang science ngayon sa criminology, it's not the penalty, but the certainty na mahuhuli ka at mapapurusahan ka. Ang tingin natin, kasi nagumpisa yan nung may death penalty si former president Marcos Ferdinand Marcos Sr. Tapos talagang nawala yung drugs for a while. If you remember that. And then, ginawa din ni President Erap yan. Nagbotohan pa.

(8:21) **ASC:** Is it Mr. Echegaray? Echegaray. Should we impose the death penalty nga? Para nga mawala. So, in a way, pag nagsample ka ng isa, may takot yan. So, nung nakulong yung former president, nakulong yung mga senador, but there's no certainty kasi na lahat mahuhuli. So, it's not only how high yung ikukulong mo. There has to be consistency. So, kung isang libo yung nagnakaw, dapat isang libo yung nakulong.

(8:49) **BA:** But that would require massive political will.

(8:54) **ASC:** But let me give you an example. Nung inoperate na yung camera sa EDSA, tapos naghulihan na, 'di ba lahat ngayon sumusunod na sa traffic? Pero bago doon, pati yung sistema na may cameras, ayaw nung iba. 'dii ba?

(9:13) **BA:** The discussion that I want to go into is, kasi madalas sinasabi, halimbawa sa drug war, ay, sinasample lang naman nila yung mga runners, yung mga maliliit. Dapat, kinukulong nila yung mga big time, etc.

(9:23): **ASC:** Yung drugs medyo ano, all around the world, it's a challenge. Except siguro Singapore, ba't sasabihin nila, maliliit. But yung crime kasi Kuya Boy, whether it's the mafia in the US, whether it's the yakuza in Japan, ano yung sa Hong Kong noon na Triad, 14 cases, there's been success over the ano e, 'di ba, the years e. Anti-scam center in Singapore.

(9:51) **ASC:** About 600 million Singapore dollars is recovered every year. The Singaporean government, in a matter of hours, can stop payment or bank, ano, as Hong Kong has an anti-deception center, same. Both centers, banko, telco, pulis, magkasama sa isang building. So may mga...

(10:11) **BA:** Would something like that work in the Philippines?

